Pagpupulong ng Mga *Mandated Organizations* at *Transparochial Communities*
Circular 2004-13

Sa Lahat ng Pinuno o Kinatawan:

Kapayapaan ng Panginoong Muling Nabuhay ay sumainyo!

Sa nakaraang Pangkalahatang Pagpupulong ng Diyosesis ng Novaliches: ***The Church and the Urban Poor*** noong ika-22 ng Marso, tatlong suliraning panlipunan ang natukoy mula sa palihang nilahukan ng mga pari, relihiyoso at mga layko---kawalan ng hanapbuhay, kriminalidad at droga , lupa at pabahay, at ang lumalalang isyu ng paglaki ng populasyon kaakibat ang kakulangan ng serbisyong-medikal at edukasyon.

Kaugnay nito, tayo ay nahaharap sa isang hamong tugunan ang mga naturang isyu sa ating patuloy na pagkalinga sa Bayan ng Diyos, lalo na ang mahihirap na bahagi ng ating lipunan. Kaya't kayo ay aming inaanyayahang dumalo sa pagpupulong na gaganapin sa **ika-8 ng Mayo, 2004** sa opisina ng Caritas Novaliches sa ibabang palapag ng St. Peter, Commonwealth Ave., Quezon City sa ganap na ika-9 hanggang ika-11 ng umaga.

Ang inyong pagdalo ay lubos na mahalaga sa pagtatasa at pag-alam kung ano pa ang mga hakbang na ating sama-samang isasakatuparan tungo sa iisang misyong maglingkod na siyang pagpapatuloy ng misyon ni Kristo. Para sa mga katanungan maaaring makipag-ugnayan kay Bb. Analyn Julian , Development Officer ng Caritas Novaliches-SSDM sa telepono blg. 5641831 o kaya'y 0917-241-333-8.

Maraming salamat sa walang humpay na pakikilakbay tungo sa kaganapan ng buhay!

Mula sa Chancery ng Novaliches, Lunsod Quezon, ngayong ika-14, sa Taon ng Ating Panginoon, 2004.

Most Rev. Antonio R. Tobias, DD
Obispo

Pinagtitibay ni:

Rev. Fr. Montecarlo M. Viloria
Priest Coordinator, SSDM